Republika ng Pilipinas
**Komisyon sa Wikang Filipino**
At
**Benguet State University**
**SENTRO NG WIKA AT KULTURA**
La Trinidad, Benguet

RECEIVED FEB 14 2018 DEPED-CAR Time:

RECEIVED MAR 07 2018 DepED DIVISION OF BAGUIO CITY

Pebrero 14, 2018

**DR. MAY B. ECLAR**
Rehiyunal na Direktor
Kagawaran ng Edukasyon- CAR
Wangal, La Trinidad, Benguet

Mahal na **Direktor ECLAR:**

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pagtataguyod ng Tanggapan ng BSU-Sentro ng Wika at Kultura (SWAK-CAR) sa pakikipagtulungan ng Cordillera SMARTS Office ay magsasagawa ng isang **Pambansang Seminar** sa PAGTUTURO NG PANITIKANG GENDER BASED na gaganapin sa JMM Hall, Cordillera Career Development College (CCDC), Buyagan, La Trinidad, Benguet sa darating na Abril 26, 27, 28, 2018. Naging layunin ng seminar na ito na hubugin at sanayin ang mga guro sa pagtuturo ng panitikan na may integrasyon at pagkilala sa kahalagahan ng kasarian at pag-unlad (gender and Development) batay sa simulain nito. Maging punto ng pagtuturo ang pagpapahalaga sa kahinaan ng bawat mag-aaral na hindi hadlang sa kanyang pagsulong bagkus mas mainam na mahubog siya sa kaniyang katauhan sa pamamagitan ng paglilinaw sa pagtuturong pampanitikan. Ang seminar ay may **bayad rehistrasyon na 2000php** bilang bayad ng pagkain tatlong pananghalian, anim na meryenda, seminar kit, aklat, sertipiko at kopya ng lektura. Para mas makatiyak ay kailangang magpaabiso ng reserbasyon sa tanggapan ng SWAK o sa Fb account BSU-SWAK-CAR email WN_ROS@yahoo.com o di kaya ay sa mga sumusunod na pangalan na makikita sa ibaba.

Dahil dito, amin pong taus- pusong hinihiling ang inyong buong suporta sa pamamagitan ng pagpapalabas ng isang memorandum o kautusan sa anumang kaparaanan upang hilingin sa bawat puno ng Sangay Pang-edukasyon ng CAR para sa pagpapalaganap at pagpapabatid upang makapagpalabas sila ng isa ring kalatas sa kanilang sakop na sangay para sa pagpapalaganap sa pambansang seminar na ito. Inaasahang ang mga kalahok ay mga gurong nagtuturo ng Filipino at iba pang larang sa lahat ng antas. Kami at buong tanggapan ay nagpapasalamat sa inyong agaran at mapusong pagtugon sa nabanggit na kahilingang ito. Tumitingala po kami sa higit pang ikayayabong ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon CAR.

Kalakip nito ang Memo mula sa DepEd Central Office at mga tentatibong sipi ng bahagi ng palatuntunan para sa inyong impormasyon.

Lubos Gumagalang,

**WINSTON N. ROS, PhD**
Direktor, SWAK
Punong Tagapag-ugnay ng Seminar

---

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Cordillera Administrative Region
Wangal, La Trinidad, Benguet

# ADVISORY

February 19, 2018

TO: **SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENTS**
**ALL DIVISIONS**
**ALL CONCERNED**

For information and dissemination. In compliance with **DepEd Order No. 9, s. 2005** entitled *"Instituting measures to increase engaged time-on-task and ensuring compliance therewith".*

**MAY B. ECLAR, Ph.D., CESO V**
*Office of the Regional Director*

/ORD/lyn

To: All School Administrators, Principals & Teachers In-Charge
(Elementary & Secondary)
FOR YOUR INFORMATION & APPROPRIATE ACTION

FEDERICO P. MARTIN, Ed.D, CESO VI
*Schools Division Superintendent*

**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

*Benguet State University*

***Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Gender Based***

**Pagdarausan: JMM-Hall –Cordillera Career Development College (CCDC)**

Buyagan La Trinidad, Benguet

Abril 26, 27, 28, 2018

Tentatibong Programa

| | | |
|---|---|---|
| **Unang Araw** | | |
| 8:00-9:00 nu | Pagpapatala<br>Panalangin….. | BSU-SWAK- Kinatawan |
| 9:00-10:00 nu | Pambansang Awit | |
| | Bating Pagtanggap | |
| | Mensahe | **Kgg. Purificacion G. Delima**<br>Fultaym na Komisyoner<br>Para sa Programa at Proyekto<br>Komisyon sa Wikang Filipino |
| | Panauhing Tagapanayam:<br>**Ang Babae sa Panitikang Filipino** | **Bb. Lualhati Bautista** (video) |
| 10:00-10:30 nu | Meryenda | |
| 10:30 nu-12:00 nh | **Ang Kasarian sa Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon** | **G. Galcoso Alburo**<br>DepEd, Sangay ng Marikina |
| 12:00-1:00 nh | Tanghalian | |
| 1:00-2:00 nh | **Estereotipo: Ang Babae sa Panitikang-Bayan** | **Salvador Biglaen**<br>Miriam College |
| 2:00-2:30 nh | Meryenda | |
| 2:30-4:00 nh | Pakitang-turo: Tuon sa Panitikang-Bayan (Pang-elementarya) | **Salvador Biglaen**<br>Miriam College |
| **Ikalawang Araw** | | |
| 8:00-9:00 nu | Pagpapatala | |
| 9:00-10:00 nu | **Kontemporaneong Panitikan, Kontemporaneong Kababaihan** | **Prop. Moreal Camba**<br>University of Asia and the Pacific |
| 10:00-10:30 | Meryenda | |
| 10:30-12:00 | Pakitang-turo: Tuon sa Tula (Pansekundarya) | **Prop. Moreal Camba**<br>University of Asia and the Pacific |
| 12:00-1:00 nh | Tanghalian | |
| 1:00-2:00 nh | **Ang Pag-usbong ng Panitikang LGBT sa Filipinas** | **Dr. John Iremil Teodoro**<br>Pamantasang De La Salle |
| 2:00-2:30 nh | Meryenda | |
| 2:30-4:00 nh | Pakitang-turo: Tuon sa Maikling Kuwento (Pangkolehiyo) | **Dr. John Iremil Teodoro**<br>Pamantasang De La Salle |
| **Ikatlong Araw** | | |
| 8:00-8:30 nu | Pagpapatala | |
| 8:30-9:30 nu | ***Lapit sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based*** | **Prop. Wennielyn Fajilan**<br>Unibersidad ng Santo Tomas |
| 9:30-10:00 | Meryenda | |
| 10:00-11:30 | Pakitang-turo: Tuon sa Lapit sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based | **Prop. Wennielyn Fajilan**<br>Unibersidad ng Santo Tomas |
| 11:30-12:00 | Tugon mula sa kalahok | |
| 1:30-3:00 | Pampinid na Palatuntunan<br>Pangwakas na Pananalita | **Winston N. Ros, PhD**<br>**Benguet State University, SWAK Direktor** |

Guro ng Palatuntunan

| Programa | Layunin | Petsa at Lugar | Mga Kalahok |
|---|---|---|---|
| Seminar sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal, Ortograpiyang Pambansa, at Manwal sa Masinop na Pagsulat | • Buklurin ang mga ahensiya ng pamahalaan upang tupdin ang tadhana ng batas at kautusan<br>• Magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya | Enero-Disyembre (nakadepende sa petsa na itatakda ng ahensiya at lokal na yunit ng pamahalaan (LGU) | Lahat ng kinauukulang kawani ng gobyerno |

2. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- **Gng. Lourdes Z. Hinampas**
- **Gng. Pinky Jane S. Tenmatay**
- **Gng. Miriam P. Cabila**

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P Watson Building, 1610 JP Laurel St.
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 252-1953
Mobile: 0929-876-5856
0927-853-1047
0942-989-2458
Email: jinghinampas@gmail.com
pinkyjanes10matay@gmail.com
miriam.cabila@yahoo.com

3. Hinihiling ang malawakang pagpapapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 51, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

LEARNING AREA, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

SMMA/from A to DM Mga Programa ng KWF 2018
1107-08/January 15/18, 2018